
Simulan at palaguin
ang iyong negosyo.
Sa GREAT Women
Project, kaya mong
maging
LIDER
GREAT women PROJECT

Ang **Gender Responsive Economic Actions for the Transformation of Women (GREAT Women) Project** ay naglalayong palakasin ang kakayahan ng mga kababaihan na magtatag at paunlarin ang kanilang maliliit na negosyo. Sa ilalim ng proyekto, ang National Commission on the Role of Filipino Women (NCRFW) ay nakikipagtulungan sa mga pambansang ahensiya at mga pamahalaang lokal upang magkaroon ng mga patakaran, programa, serbisyo at inisiyatiba na maghihikayat at makakatulong sa mga kababaihan sa pagnenegosyo.

Sa Pilipinas, marami sa maliliit na negosyo sa Pilipinas ay sinisimulan at tinataguyod ng mga kababaihan. Kapag maunlad na ang negosyo, ang kanilang kabiyak ay nagkakaroon ng malaking bahagi sa pagpasiya. Batay din sa pag-aaral, ang tagumpay sa pagnenegosyo ay hindi lang nakasalalay sa salaping kapital. Ito ay naaayon din sa kakayahan ng isang babae na mag-ambag ng panahon at pagod, lalo na kung isasaalangalang ang iba niyang pangangailangan at tungkulin. Higit sa lahat, anumang pagnenegosyo ay nangangailangan ng masusing pagplaplano at istratehiya sa pagbebenta. Ang pagpapaunlad ng negosyo ay karaniwang nakasalalay sa pagkakaroon ng impormasyon, pautang, teknolohiya, merkado at sapat na serbisyong pangkalakal.

Sa GREAT Women Project, matutulungan ang mga pambansang ahensiya at pamahalaang lokal na makapagbigay ng ilang inisiyatiba sa mga project site, tulad ng ilan sa mga ito:

- *Kumpleto at tamang impormasyon at kaalaman*
- *Pagsasanay sa pagpili ng akmang negosyo*
- *Pagkakaroon at paggamit ng iba't ibang naaayon na teknolohiya*
- *Pagkakaroon at paggamit ng mahahalagang rekurso gaya ng lupa, organic fertiliser, gilingan, lambat, bangka at iba pa*

- *Pautang sa mababang interes na mula sa mga pambansang ahensiya at pamahalaang lokal*
- *Insentibo at suportang pinansiyal sa mga kooperatibang binubuo ng mga kababaihan*
- *Maayos at mabilis na prosesong panlegal partikular na sa lupa*
- *Mabilis na pag-proseso sa pag-rerehistro ng negosyo*
- *Mas masigasig na pagpapatupad ng mga batas sa paghahanap-buhay*
- *Mas kumprehensibong pangkalusugan at pangkalahatang proteksyon at benepisyo para sa mga kababaihang nasa impormal na sektor*
- *Maayos, maliwanag at ligtas na kalsada at transportasyon, lalo na ang mga papunta sa pamilihan*
- *Pagpapalakas ng gender-desk sa mga istasyon ng pulis*
- *Maayos at malinis na pamilihan at ligtas na lugar ng kalakaran*
- *Komprehensibong pagkalap ng datos ukol sa mga kontribusyon ng mga kababaihan sa ekonomiya*
- *Mas makabuluhang paglahok ng mga kababaihan sa paglikha at pagpapasya sa mga patakaran, programa at inisiyatibang hinggil sa pagpla-plano sa pambansa at lokal na ekonomiya.*

Ang GREAT Women Project ay binubuo ng tatlong bahagi batay sa mga pangunahing kalahok sa proyekto: ang NCRFW, mga pambansang ahensiya at pamahalaang lokal.

**Ang pagpapalakas ng NCRFW.** Bilang kagawaran na nagsusulong sa karapatan ng mga kababihan, ang NCRFW ay inaasahang magsisiguro na ang mga patakaran, programa at inisiyatiba ay nagsasaalang-alang ng pagka-pantay-pantay ng mga tao mula sa pagplaplano hanggang sa pagpapatupad ng mga ito. Ito ay upang tiyakin ang aktibong pakikilahok at pakikinabang ng mga kababaihan sa mga patakan, programa, serbisyo at inisiyatiba.

**Ang paglilikha ng mainam na kondisyon sa pagnenegosyo sa pambansang antas.** Ang GREAT Women Project ay magpapalakas ng kakayahan ng mga pambansang ahensiya na mas masinsin at masusing makapagplano, makapagbuo at makapagpatupad ng mga patakaran, programa at inisyatiba para sa pangekonomiyang kagalingan ng mga kababaihan. Ang mga ahensiya ng gobyerno ay inaasahang magiging sensitibo sa sitwasyon ng kababaihan, maging sa konsepto ng gender.

*Sa paglulunsad ng isang pag-aaral sa mga kababaihang nasa impormal na sektor sa ilang mga bayan, mas nagkakaroon ng ideya ang mga ahensiya sa mga pangangailangan ng mga kababaihan at nasusukat ang ambag ng mga kababaihan sa mga bayang ito at maging sa pambansang antas. Napabuti rin ang mga modelo sa pagbibigay ng health insurance sa kanila at sa mga babae sa kabayanan.*

**Ang paglilikha ng mainam na kondisyon sa pagnenegosyo sa lokal na antas.** Ang mga pamahalaang lokal ang unang sinasandalan ng mga pamayanan at inaasahang mas nakakaalam sa mga sitwasyon at suliranin ng mga mamamayan. Papalakasin ng GREAT Women Project ang kanilang posisyon na maglikha at magpatibay ng mga naaayon na patakaran, programa at inisiyatiba para sa pangekonomiyang kagalingan ng mga kababaihan sa lugar na kanilang nasasakupan. Inaasahan ding mapapadali at mapapalalim ang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan ng mga katuwang na pamahalaang lokal sa ilalim ng proyekto.

Hinihikayat ng GREAT Women Project na ang mga katuwang na pamahalaang lokal na (1) pabilisin ang proseso ng pagkuha ng business permit, (2) tumulong sa pagsisimula ng mga bagong negosyo ng mga kababaihan, (3) himuking makilahok ang mga kababaihan sa mga gawaing tungo sa pagpapaunlad ng lokal na ekonomiya, at (4)

mas maipa-abot ang mga serbisyong kinakailangan sa pagnenegosyo tulad ng impormasyon, teknolohiya, pagsasanay, pautang at pasilidad.

*Maliban sa paglalaan ng pondo para sa pautang, maliit na interes lamang ang itinakda ng pamahalaang lokal upang mas makatulong sa mga kababaihang nais magnegosyo. Mas naging liberal din ang pagpapautang sa mga kooperatiba.*

*Upang isulong ang mga kooperatiba sa barangay, lalo na ng mga kababaihan, ang kooperatiba ng mga babaeng nagsasaka ng organic na pananim ay binigyan ng mga puwesto sa pampublikong palengke sa mas mababababang halaga.*

Ang NCRFW ang tagapangasiwang ahensiya ng GREAT Women Project. Katuwang nito ang Department of Trade and Industry (DTI) at ang mga sangay nito: ang Bureau of Small Scale and Medium Enterprise Development (BSMED), Cottage Industry Technology Center (CITC), Office for Special Concerns (OSC), and Philippine Trade Training Center (PTTC). Kasama ng NCRFW ang DTI at ang ilan pang ahensiya na bumubuo sa tatlo pang grupo: Advocacy and Networking Cluster, Training and Resource Cluster at Social Protection and Microfinance Cluster. Ang Advocacy and Networking Cluster ay kinabibilangan ng Department of Interior and Local Government (DILG), National Economic and Development Authority (NEDA), National Anti-Poverty Commission (NAPC), at Department of Environment and Natural Resources (DENR) — o mga ahensiyang may mas malapit na kaugnayan sa mga pamahalaang lokal at kaalaman sa pambansang pang-ekonomiya.

Ang Training and Resource Cluster ay pinangungunahan ng Department of Labor and Employment (DOLE) at ang mga sangay nito na bihasa sa pagbibigay ng kasanayan sa mga manggagawa — Occupational Health and Safety Center (OHSC), Bureau of Women and Young Workers (BWYW), Bureau of Rural Women (BRW) at ang Technical Education and Skills Development Authority (TESDA). Kasama sa cluster ang Department of Science and Technology (DOST) at ang Technology and Livelihood Resource Center (TLRC) na tutulong sa pagbabahagi ng mga akmang teknolohiya na maaaring gamitin sa pagnenegosyo lalo na ng mga kababaihan. Kasama rin sa cluster ang University of the Philippines — Institute for Small Scale Industries (UP-ISSI) na isa rin sa mga nagbibigay ng mga kasanayan sa pagnenegosyo.

Ang Social Protection and Microfinance Cluster ay binubuo ng Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth), ang People's Credit and Finance Corporation (PCFC) at mga ahensiyang may kasanayan sa paghahanda ng mga pangkalusugang benepisyo at pagpapautang sa iba't ibang organisasyon.

Sa lokal na antas, ang GREAT Women Project ay kinabibilangan ng Metro Naga Development Council, PALMA Alliance sa North Cotabato at mga lokal na pamahalaan ng Ifugao, Quezon, Iloilo, Bohol, Leyte at Davao del Sur.

Ang GREAT Women Project ay hindi mekanismo na diretsang nagpapautang, nagpapatayo ng pasilidad at nagpapatakbo ng mga training. Ngunit dahil sa pakikipagtulungan ng NCRFW sa mga pambansang ahensiya at pamahalaang lokal, ang GREAT Women Project ay nagpapabuti sa pang-ekonomiyang kontribusyon ng mga kababaihan sa kanilang pamilya, pamayanan at bayan. Dahil ang proyekto ay tumutulong sa pagtangkilik sa mga lokal na produkto, serbisyo at industriya, ito ay maaaring mag-ibsan sa kasalukuyang kahirapan na pinakanadadama ng mga kababaihan.

Ang GREAT Women Project ay sinusuportahan ng Canadian International Development Agency (CIDA).

Para sa karagdagang impormasyon, maki-paugnayan sa katuwang na pamahalang lokal, pamahalaang ahensiya o sa NCRFW.

Project Management Office
GREAT Women Project
National Commission on the
Role of Filipino Women
1145 J.P. Laurel Street,
San Miguel, Manila
Telepono: +632 735-1654 local 121 or 123
Fax: +632 734-1731
Website: http://www.ncrfw.gov.ph

Office of the President
National Commission
on the Role of Filipino Women

Canadian International
Development Agency

GREAT Women Project